

1

Trucks na may putik sa mga gulong ang karaniwan kong nakikitang nakagarahe sa labas ng bahay kapag may party. Hindi mamahalin at imported na mga kotse. May dalawampung ganoong klaseng sasakyan ang nakahilera sa mahabang driveway ng lugar na ito. Ipinarada ko ang kinse anyos na Ford truck ng nanay ko sa damuhan para hindi ko maharangan ang kahit na sino. Hindi nasabi sa akin ni Dad na magpapa-party siya ngayong gabi. Wala naman talaga siyang masyadong sinasasabi sa akin na kahit ano.

Hindi rin siya nagpakita sa libing ng nanay ko. Kung hindi ko lang kailangan ng matutuluyan, hindi ako pupunta rito. Kinailangan kong ibenta ang maliit na bahay na iniwan sa amin ng lola ko para ipantustos sa natitirang bayarin ng nanay ko sa ospital. Ang naiwan na lang sa akin ay ang mga damit ko at ang truck. Ang pagtawag sa tatay ko, sa kabila ng di niya pagbisita kahit minsan sa loob ng tatlong taon na nakipaglaban ang nanay ko sa sakit na cancer, ay naging napakahirap. Dangan nga lang at kailangan iyon; siya na lang ang natitirang pamilya ko.

Tinitigan ko ang napakalaking bahay na may tatlong palapag na nakapuwesto mismo sa puting buhangin sa Rosemary Beach, Florida. Ito ang bagong tahanan ng tatay ko. Ang bago niyang pamilya. Hindi ako matatanggap dito.

Biglang may nagbukas ng pinto ng truck ko. Awtomatiko kong inabot ang nine-millimeter ko sa ilalim ng upuan. Iniangat ko iyon at direktang itinutok sa pakialamero, hawak iyon sa dalawang kamay at handang kalabitin ang gatilyo.

“Whoa... Sasabihin ko sana sa ’yong naliligaw ka, pero sasabihin ko na ang kahit na anong gusto mo basta itago mo lang ’yan.” Isang lalaking may malago at brown na buhok na nakaipit sa likod ng kanyang mga tainga ang nakatayo sa kabilang panig ng baril ko, nakataas sa ere ang mga kamay at nanlalaki ang mga mata.

Nagtaas ako ng kilay at patuloy lang na iniamba ang baril. Estranghero pa rin ang lalaking ito. Hindi normal na pagbati ang basta na lang pagbubukas ng pinto ng sasakyan para sa isang di-kakilala. “Hindi, palagay ko hindi ako naliligaw. Ito ba ang bahay ni Abraham Wynn?”

Kinakabahang lumunok ang lalaki. “Uh, hindi ako makapag-isip pag ganyang nakatutok ’yan sa mukha ko. Nininerbiyos talaga ako sa ’yo, sweetheart. Puwede mo bang ibaba ’yan bago ka makaaksidente?”

Aksidente? Talaga? Nag-uumpisa na akong mairita sa lalaking ito. “Hindi kita kilala. Madilim sa labas at nandito ako sa isang di-pamilyar na lugar, nag-iisa. Kaya pasensya ka na sa ’kin kung hindi ligtas ang pakiramdam ko ngayon. Makakaasa ka na walang mangyayaring aksidente. Marunong akong humawak ng baril. Magaling.”

Mukhang hindi siya naniniwala sa akin at ngayong nakatingin na ako sa kanya, parang hindi naman siya talagang delikado. Ganunpaman, hindi pa ako handang ibaba ang baril ko.

“Abraham?” mabagal niyang ulit at nagsimulang umiling pagkatapos ay huminto, “Teka, bagong stepdad ni Rush si Abe. Nakilala ko siya bago sila umalis ni Georgianna papuntang Paris.”

Paris? Rush? Ano? Naghintay pa ako para sa dagdag na paliwanag, pero patuloy lang na tinitigan ng lalaki ang baril at pinigilan ang hininga. Hindi inaalís ang tingin sa kanya, ibinaba ko ang proteksyon ko at sinigurong ibalik ang safety bago iyon isinuksok sa ilalim ng upuan ko. Baka makapagpokus at makapagpaliwanag ang lalaking ito pag nakatago na ang baril.

“May lisensya ka man lang ba para d’yan?” di-makapaniwala niyang tanong.

Wala ako sa mood para makipag-usap tungkol sa karapatan kong magdala ng baril. Kailangan ko ng mga sagot.

“Nasa Paris si Abraham?” tanong ko, nangangailangan ng kumpirmasyon. Alam niya na darating ako ngayon. Kapapag-usap lang namin noong isang linggo pagkatapos kong maipagbili ang bahay.

Marahang tumango ang lalaki at nag-relax ang tindig niya. “Kilala mo siya?”

Sa totoo lang ay hindi. Dalawang beses ko lang siyang

nakita mula nang layasan niya kami ng nanay ko limang taon na ang nakakaraan. Naalala ko iyong Daddy na pumupunta sa soccer games ko at nag-iihaw ng burgers sa labas kapag nagdaraos ng mga pagdiriwang ang magkakapit-bahay. Iyong Daddy na kasama ko hanggang sa mamatay sa aksidente sa sasakyan ang kakambal kong si Valerie. Ang tatay ko ang nagmamaneho. Nag-iba siya nang araw na iyon. Iyong lalaking hindi man lang tumawag sa akin para tiyakin kung okay ba ako habang inaalagaan ko ang nanay kong may sakit, hindi ko kilala ang lalaking iyon. Hindi talaga.

“Ako ang anak niya, si Blaire.”

Nanlaki ang mga mata ng lalaki at tumingala siya at tumawa. Ano ang nakakatawa? Hinihintay kong magpaliwanag siya nang ilahad niya ang kanyang kamay. “Halika, Blaire, meron akong kailangang ipakilala sa ’yo. Magugustuhan ito ng lalaking ’yun.”

Tumungo ako at tinitigan ang kamay niya at inabot ang handbag ko.

“May kargada ba pati ’yang handbag mo? Kailangan ko ba silang warningan lahat na ’wag kang bubuwisitin?” Napigilan ko ang sarili ko na barahin siya dahil sa himig ng panunukso sa boses niya.

“Binuksan mo ang pinto ko nang hindi kumakatok. Natakot ako.”

“Normal na reaksiyon mo pag natatakot ka’yung panunutok ng baril sa kahit na sino? ’Langya, taga-saan ka ba? Karamihan sa mga kakilala kong babae, eh, tumitili o gumagawa ng kung anong katangahang katulad n’un.”

Karamihan sa mga babaeng kilala niya ay hindi napuwersang alagaan ang sarili nila sa nakalipas na tatlong taon. May nanay akong inaalagaan dati, pero walang naroon para mag-alaga sa akin. “Taga-Alabama ako,” sagot ko, di pinansin ang kamay niya at bumaba na sa truck nang mag-isa.

Tumama sa mukha ko ang simoy ng hanging dagat at di-maipagkakaila ang maalat na amoy ng beach. Hindi pa ako nakakita ng beach dati. Sakali man, hindi harapan. Nakakita na ako sa mga larawan at mga pelikula. Pero iyong amoy, saktong iyon sa inaasahan ko.

“So totoo pala ang sabi nila tungkol sa mga babaeng taga-Bama,” sagot niya at ibinaling ko ang atensyon ko sa kanya.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Pinasadahan niya ng tingin ang katawan ko pababa at ibinalik iyon sa mukha ko. Marahang gumuhit ang ngiti sa mukha niya. “Tight jeans, tank tops, at isang baril. ’Langya, maling state ang tinitirhan ko.”

Pinaikot ko ang mga mata ko, at may kinuha sa likuran ng truck. May dala akong maleta at ilang kahon na kailangan kong dalhin sa Goodwill.

“Teka, ako na ang kukuha niyan.” Inikutan niya ako at dumukwang sa truck bed para abutin ang malaking bagahe na matagal na itinabi ng nanay ko sa aparador niya para doon sa “road trip” na hindi na namin nagawa. Lagi niyang sinasabi noon na magda-drive kami patawid ng bansa at pupunta sa west coast isang araw. Pagkatapos nagkasakit siya.

Pinapalis ang mga alaala, nagpokus ako sa kasalukuyan. “Salamat, uh... hindi ko yata nakuha ang pangalan mo.”

Hinila niya ang maleta palabas pagkatapos ay bumaling sa akin.

“Gan’un ba? Nakalimutan mong itanong n’ung itinutok mo sa mukha ko ’yung nine-millimeter?” sagot niya.

Napabuntong-hininga ako. Okay, siguro nga napasobra ang ginawa kong paggamit sa baril, pero tinakot niya ako.

“Ako si Grant, isang, uh, kaibigan ni Rush.”

“Rush?” Hayun na naman iyong pangalang iyon. Sino si Rush?

Muling lumawak ang ngisi ni Grant. “Hindi mo kilala kung sino si Rush?” Aliw na aliw siya. “Natutuwa talaga ako’t pumunta ako ngayong gabi.”

Tumango siya sa direksyon ng bahay. “Halika. Ipapakilala kita.”

Naglakad ako sa tabi niya habang iginigiya niya ako papunta sa bahay. Lumakas ang musika sa loob habang papalapit kami. Kung wala rito ang tatay ko, sino ang nandito? Alam kong si Georgianna ang bago niyang asawa, pero iyon lang ang alam ko. Party ba ito ng mga anak niya? Ilang taon na sila? May mga anak siya, di ba? Hindi ko na maalala. Ang labo ni Dad. Sabi niya magugustuhan ko ang bago kong pamilya, pero hindi naman niya sinabi kung sinu-sino ba sila.

“Kung gan’un, dito ba nakatira si Rush?” tanong ko.

“Oo, dito, at least pag summer. Lumilipat siya sa iba niyang mga bahay depende sa season.”

“Iba niyang mga bahay?”

Marahang tumawa si Grant. “Wala kang kaalam-alam tungkol sa pamilyang sinalihan ng tatay mo, ’no, Blaire?”

Kung alam lang ng lalaking ito. Umiling ako.

“Mabilis at maiksing leksiyon bago tayo pumasok sa kabaliwan sa loob,” aniya. Huminto siya sa pinakaitaas ng hagdan na patungo sa front door at tumingin sa akin. “Stepbrother mo si Rush Finlay. Siya ang nag-iisang anak ng sikat na drummer ng Slacker Demon, si Dean Finlay. Hindi nagpakasal ang mga magulang niya sa isa’t isa kahit kailan. Ang nanay niya, si Georgianna, ay isang groupie noong araw. Bahay ito ni Rush. Nakakatuloy ang nanay niya sa bahay na ito dahil may permiso iyon ni Rush.” Tumigil siya at tumingin ulit sa pinto nang

maluwang na bumukas iyon. “Mga kaibigan niya lahat ng ’yan.”

Isang matangkad at seksing strawberry blonde na nakasuot ng maikling short, royal blue na bestida at isang pares ng heels na magiging sanhi ng kamatayan ko pag tinangka kong suotin, ang nakatayo roon habang nakatitig sa akin. Hindi nakaligtas sa akin ang disgusto sa pagkakasimangot niya. Wala akong masyadong alam tungkol sa mga ganitong klase ng tao, pero alam ko na hindi aprubado sa kanya ang suot ko na galing sa department store. Puwedeng iyon o may insektong gumagapang sa akin kaya parang nandidiri siya.

“Well, hello Nannette,” ani Grant sa dismayadong tono.

“Sino siya?” tanong ng babae, nakabaling na ang tingin kay Grant.

“Isang kaibigan. Tanggalin mo nga iyang ismid sa mukha mo, Nan, at hindi bagay sa ’yo,” komento ni Grant, iniunat ang kamay para abutin ang kamay ko at hilahin ako papasok ng bahay kasunod niya.

Hindi ganoon karami ang tao sa loob, taliwas sa inakala ko. Habang palampas kami sa malaki at bukas na entrada, may nakaarkong pintuan na palagay ko ay derecho sa sala. Ano’t anuman, mas malaki iyon sa bahay ko o mas tamang sabihing dating bahay ko. Nakabukas ang dalawang glass doors at kamangha-mangha ang tanawin ng dagat buhat doon. Gusto kong makita iyon nang malapitan.

“Dito tayo,” turo ni Grant habang patungo siya sa isang ... bar? Seryoso? May bar doon sa bahay?

Pinahagingan ko ng tingin ang mga naroon habang dumaraan kami. Lahat sila ay tumigil sandali para mabilis akong pasadahan ng tingin. Kitang-kitang hindi ako nabibilang sa kanila.

“Rush, ito si Blaire, palagay ko parang sa 'yo siya. Natagpuan ko siya sa labas na mukhang medyo naliligaw,” ani Grant at inalis ko ang tingin ko mula sa mga nag-uusisang tao para tingnan kung sino ba itong Rush na ito.

Oh.

Oh. My.

“Gan'un ba?” sagot ni Rush sa pahinamad na tono at tumungo pauna mula sa relaxed niyang posisyon sa puting sofa, may beer sa isang kamay. “Cute siya pero bata pa. Di ko puwedeng sabihing akin siya.”

“Oh, sa 'yo siya talaga. Lalo na't nagpuntang Paris ang daddy niya kasama ng mama mo at ilang linggo silang mawawala. Sasabihin kong sa 'yo na ngayon ang isang 'to. Kung gusto mo, d'un ko na lang siya patutuluyin sa bahay ko. Iyon ay kung papayag siyang iwan ang baril niya sa truck.”

Naningkit ang mga mata ni Rush at masusi niya akong pinag-aralan. Kakaiba ang kulay ng mga mata niya. Sobrang

kakaiba. Hindi brown. Hindi rin hazel. Mainit ang kulay na may kaunting guhit ng pilak. Hindi pa ako nakakita ng mga matang tulad niyon. Puwede kayang contacts ang mga iyon?

“Hindi pa rin ibig sabihin n’un, eh, akin siya,” sa wakas ay sagot niya at sumandal sa sofa kung saan siya nakahiga noong pumasok kami ni Grant.

Tumikhim si Grant. “Nagbibiro ka, di ba?”

Hindi sumagot si Rush. Sa halip ay uminom siya mula sa bote ng longneck na hawak niya. Lumipat na kay Grant ang tingin niya at nakikita ko ang babala roon. Sasabihan na akong umalis. Hindi maganda ito. Eksaktong twenty dollars na lang ang nasa handbag ko at malapit na akong maubusan ng gas. Naibenta ko na lahat ng bagay na nasa akin na puwede kong ibenta. Nang tawagan ko ang tatay ko, ipinaliwanag ko na kailangan ko lang ng matutuluyan hanggang sa makakuha ako ng trabaho at makaipon ng sapat na pera para makahanap ng sarili kong tirahan. Mabilis siyang pumayag at ibinigay niya sa akin ang address na ito, ang sabi pa ay gusto niya kung pupunta ako at magkakasama kami.

Bumalik na sa akin ang atensyon ni Rush. Hinihintay niya akong gumawa ng hakbang. Ano ba ang inaasahan niyang sasabihin ko? May dumapong ngisi sa mga labi niya at kumindat siya sa akin.

“Marami akong bisita ngayong gabi at masikip na ang kama ko.” Ibinalik niya ang tingin kay Grant. “Palagay ko

pinakamaganda kung hahayaan natin siyang humanap ng hotel hanggang sa makausap ko ang *daddy* niya.”

Hindi nakalampas sa akin ang disgusto sa dila niya nang sabihin niya ang salitang “daddy”. Hindi niya gusto ang tatay ko. Hindi ko naman talaga siya masisisi. Hindi naman niya kasalanan ito. Tatay ko ang nagpapunta sa akin dito. Sinayang ko ang malaking bahagi ng pera ko sa gas at sa pagkain sa pagpunta rito. Bakit ba ako nagtiwala sa lalaking iyon?

Iniunat ko ang kamay ko at inabot ang hawakan ng maleta na bitbit pa rin ni Grant. “Tama siya. Dapat na akong umalis. Hindi talaga magandang ideya ’to,” paliwanag ko nang hindi tumitingin sa kanya. Mariin kong inagaw ang maleta at tila napipilitan niyang binitawan iyon. Nag-init ang sulok ng mga mata ko nang mapag-isip-isip ko na wala akong matutuluyan. Hindi ako makatingin sa kahit kanino sa kanilang dalawa.

Pumihit na ako at tinungo ko ang pinto, nakababa ang tingin. Narinig kong nakikipagtalos si Grant kay Rush, pero hindi ko pinansin iyon. Hindi ko gustong marinig ang sasabihin ng napakaguwapong lalaking iyon tungkol sa akin. Hindi niya ako gusto. Halata iyon. Maliwanag na hindi tanggap ang tatay ko bilang miyembro ng pamilyang ito.

“Aalis ka na kaagad?” tanong ng isang tinig na nagpaalala sa akin ng malapot na syrup. Tumunghay ako at nakita ang nasisiyahang ngiti sa mukha ng babaeng nagbukas ng pinto kanina. Hindi niya rin gusto na naroon ako. Ganoon ba ako

Fallen Too Far - Abbi Glines

kasuklam-suklam para sa mga taong ito? Mabilis akong nagbaba ng tingin sa sahig at binuksan ko ang pinto. Napakataas ng pride ko para hayaan ang malditang bruhan na makita akong umiiyak.

Napahikbi ako nang makalabas ako at dumerecho sa truck ko. Kung hindi ko lang karag-karag ang maleta ko, tatakbo talaga ako. Kailangan ko ang kaligtasang nasa truck ko. Doon ako nabibilang sa loob ng truck, hindi sa imposibleng bahay na iyon na puno ng matapobreng mga tao. Na-mi-miss ko na ang bahay ko. Na-mi-miss ko na ang nanay ko. Isa pang hikbi ang kumawala sa akin at isinara ko ang pinto ng truck pagkapasok ko at ikinandado iyon.